# PATULOY NA PAKIKIBAKA

*by:*
**Maria Cecilia R. Cabrera**
*Master Teacher I, San Benito Elementary School*

Ayon sa Artikulo ng universal Human Rights, ang edukasyon ay isang karapartan na dapat makamit ng lahat ng mga mamayan sa isang bansa. Ito ay libre, pantay, at dapat naaayon sa pangangailangan ng bawat isa. ngunit dahil sa patuloy nab anta ng pandemya dulot ng Covid-19, malaking bahagi ng sistema ng edukasyon ang naapektuhan at unit-unting napada nito.

Marami sa mga mag-aaral ang naantala ang pagtanggap ng edukasyon, nahinto ang pagkakataong matuto, at higit sa lahat, nawalan ng oportunidad mapalago ang sariling kaisipan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Dahil ditto, kabi-kabila ang mga programa at panawagang ipagpatuloy ang edukasyon kahit na nasa gitna pa ng pandemya. Marami ang humihiling sa Kagawaran ng Edukasyon na sumubok ng makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto para sa mga mag-aaral. Isa na rito ang blended learning na kung saan, iba't ibang plataporma ang maaring ihanda ng isang paaralan sa kung ano man ang naisin ng mag-aaral base sa kanyang kakayahan at kasanayan. Ito ay mga pamamaraan na hindi nangangailangan ng pisikal na pagkikita ng guro at mag-aaral upang maitawids ang pag-aaral.

Ngunit sa kabila ng mga ganitong panukala at suhestyon, ay ang nagkukubling responsibilidad at pakikibaka ng mga guro sa bighlaang pagbabago ng mga nakasanayang pamamaraan ng pagtuturo. Marami sa mga guro ang kinailangang maglaan ng mas mahabang oras upang makasabay lamang sa agos ng makabagong

normal. Gaya ng paglahok sa mga seminar o training, mga biswal na talakayan, or maging ang pagsangguni sa mas maalamn na mga kapwa guro.

Sa kasalukuyan, marami nang mga paaralan ang nagbukas muli ng in-person na pamamaraan ng pagkatuto. Nariyan nang binuksan ang mga silid-aralan upamng tumanggap ng mga mag-aaral na handang pumasok sa paaralan. N gunit sakabila nito, iba't iba pa ring istratehiya ang pinaghahandaan ng mga guro upang patuloy na makapag bhatid ng kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral. Kahit na untiunting nakababalik sa nakasanyang pamamaraan ang bawat paaralan, hindi na maiaalis pa na kasabay rin nito ang pag usbiong ng mga makabagong pangangailangan ng mfga mag-aaral. Kaya naman napakalaking hamon sa bawat guro ang patuloy na pagsunod sa agos na ito.

Ito ang ilan sa patuloy na pakikibaka ng mga guro na handang magsakripisyo ng kanilang mga saeriling oras upang nangsagayon, maibagay lamang ang nararapat sa mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20220202/281689733210781